

NAG-AATAS NG PATAS NA OPORTUNIDAD ANG BATAS

Labag sa batas para sa tumatanggap ng tulong pinansyal na mula sa Pederal na pamahalaan na mandiskrimina dahil sa mga sumusunod na batayan: laban sa sinumang indibidwal sa Estados Unidos, dahil sa batayan ng lahi, kulay, relihiyon, kasarian (kabilang ang pagbubuntis, panganganak, at nauugnay na medikal na kundisyon, stereotyping sa kasarian, katayuan sa pagiging transgender, at pagkakakilanlan ng kasarian), pambansang pinagmulan (kabilang ang limitasyon sa kaalaman sa wikang Ingles), edad, kapansanan, o pulitikal na pagkakaanib o paniniwala, o, laban sa anumang benepisyaryo ng, aplikante sa, o kalahok sa mga programa na pinopondohan alinsunod sa Title I ng Workforce Innovation and Opportunity Act, sa batayan ng katayuan ng pagkamamamayan ng indibidwal o pakikibahagi sa anumang programa o aktibidad na pinopondohan alinsunod sa WIOA Title I.

Hindi dapat mandiskrimina ang tumatanggap sa alinman sa sumusunod na larangan: pagpapasya kung sino ang ipapasok sa ospital, o magkakaroon ng access, sa anumang WIOA Title I na pinopondohang programa o aktibidad; paglalaan ng mga oportunidad sa, o pagtrato sa sinuman hinggil sa naturang programa o aktibidad; o pagpapasya sa trabaho sa pagbibigay ng, o kaugnay ng naturang programa o aktibidad.

Ang mga tumatanggap ng tulong pinansyal mula sa pederal na pamahalaan ay dapat magsagawa ng mga makatuwirang hakbang upang matiyak na ang mga pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may kapansanan ay kasing-epektibo ng pakikipag-ugnayan sa iba. Ang ibig sabihin nito, sa kahilingan ng indibidwal at nang wala siyang babayaran, inaatasan ang mga tumatanggap na magbigay ng naaangkop na karagdagang tulong at serbisyo sa mga kwalipikadong indibidwal na may kapansanan.

ANG GAGAWIN KUNG NANINIWALA KANG NAKARANAS KA NG DISKRIMINASYON

Kung naniniwala kang ikaw ay nadiskrimina sa programa o aktibidad na pinopondohan alinsunod sa WIOA Title I, maaari kang maghain ng reklamo sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pinaghihinalaang paglabag sa: Equal Opportunity Officer ng tumatanggap (o sa sinumang itinalaga ng indibidwal para sa layunin na ito);

Stephani Frese, EO Officer, SCDEW, Post Office Box 908, Columbia SC 29202

o

**Director, Civil Rights Center (CRC), U.S. Department of Labor
200 Constitution Avenue NW, Room N-4123, Washington, DC 20210**

o sa electronic na paraan ayon sa tagubilin sa website ng CRC sa www.dol.gov/crc.

Kung maghahain ka ng reklamo kasama ng tumatanggap, kailangan mong hintayin hanggang sa maglabas ang tumatanggap ng nakasulat na Paunawa ng Panghuling Pagkilos, o hanggang sa paglipas ng 90 araw (alinman ang mauna), bago ang paghahain sa Civil Rights Center (tingnan ang address sa itaas). Kung hindi ka mabibigyan ng tumatanggap ng nakasulat na Paunawa ng Panghuling Pagkilos sa loob ng 90 araw mula sa araw kung kailan mo inihain ang reklamo, maaari kang maghain ng reklamo sa CRC bago mo matanggap ang Paunawang iyon. Gayunpaman, dapat mong ihain ang iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw bago ang 90 araw na deadline (sa madaling salita, sa loob ng 120 araw pagkatapos ng araw kung kailan mo inihain ang iyong reklamo kasama ang tumatanggap). Kung mabibigyan ka ng tumatanggap ng nakasulat na Paunawa ng Panghuling Pagkilos sa iyong reklamo, ngunit hindi ka naging kuntento sa pasya o resolusyon nito, maaari kang maghain ng reklamo sa CRC. Dapat kang maghain ng reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw mula sa petsa kung kailan mo natanggap ang Paunawa ng Panghuling Pagkilos.